

Tungkol sa storm surge

Puwedeng tumaas ang tide level kapag dumadaan ang bagyo o lumalaking low pressure, at ito ay tinatawag na storm surge. Ang pangunahing dahilan ng storm surge ay "epekto ng paghigop ng low pressure" at "epekto ng pagtataboy ng hangin", at kung mangyayari ito kasabay ng high tide, lalong tataas ang tide level, at madaling magkaroon ng matinding sakuna.

Sistema kung paano magkakaroon ng storm surge

Paghigop ng low pressure

Dahil mas mababa ang pressure sa gitna ng bagyo at ng low pressure kaysa sa palibot ng mga iyon, magkakaroon ng epekto na parang hihigupin ng hangin na iyon ang ibabaw ng dagat, na nagiging sanhi ng pagtaas ng tide level.

Kung bababa nang 1 hPa (hectopascal) ang pressure, tataas ang tide level nang mga 1 cm.

Pagtataboy ng hangin

Dahil sa malalakas na hangin ng bagyo, atbp. mula laot papuntang dalampasigan, magkakaroon ng epekto na parang itinatobay ang tubig sa dagat sa dalampasigan, na nagiging sanhi ng pagtaas ng tide level. Kung magiging doble ang bilis ng hangin, tataas ang tide level nang 4 beses.

Bukod pa dito, magkakaroon ng malalakas na alon dahil sa hangin ng bagyong sumasapit, lalong tataas ang tide level.



Paliwanag sa mga terminong may kaugnayan sa storm surge

Espeyal na babala sa storm surge

Impormasyon sa weather na ilalabas ng Japan Meteorological Agency kapag inaasahang magkakaroon ng storm surge dahil sa bagyong mangyayari minsan lang sa mga dekada o extratropical cyclone sa katulad na antas

Babala sa storm surge

Impormasyon sa weather na ilalabas ng Japan Meteorological Agency kapag inaasahang mangyari ang matinding sakuna dahil sa di-normal na pagtaas ng tide level na ang sanhi nito ang bagyo, atbp., at inaasahang lumampas nang mga 2.3 m ang tide level mula sa ibabaw ng average na tide level sa Tokyo Bay (T.P.).

Advisory sa storm surge


Impormasyon sa weather na ilalabas ng Japan Meteorological Agency kapag inaasahang mangyari ang sakuna dahil sa di-normal na pagtaas ng tide level na dulot ng bagyo, atbp., at inaasahang lumampas nang mga 1.6 m ang tide level mula sa ibabaw ng average na tide level sa Tokyo Bay (T.P.).

Kaibahan ng tide level mula sa normal na kalagayan

Pagkakaiba sa pagitan ng astronomical tide na kinakalkula batay sa paggalaw ng mga planeta at aktuwal na tide level na naapektuhan ng panahon, atbp.


Mga lugar na may panganib ng storm surge

Mababa at patag na lupain malapit sa dalampasigan



Sa mababang lupain malapit sa dalampasigan, may higit na panganib ng pinsala sa storm surge.

Pinakaloob ng look



Tataas ang tide level sa loob ng look dahil mapupunta sa pinakaloob ng look ang tubig sa dagat.

Pangunahing pinsalang dulot ng storm surge

Bagyong Isewan

Ang Bagyong Isewan na nag-landfall sa Kii Peninsula noong Setyembre 26, 1959, ay nagdulot ng pinsala sa buong Japan at umabot sa 5,098 ang bilang ng taong namatay at nawawala.

Ang mga nabiktima ay nasa 32 prefecture, at ang 83% nito ay nasa Aichi at Mie prefecture dahil sa storm surge. Malaki din ang pinsala sa Kariya City, na namatay ang 14 katao at nasalanta ang mga 26% ng populasyon nito.

«Pinsala sa Kariya City»

Kabuuang bilang ng mga nasalanta	Pinsala sa mga tao		Pinsala sa mga gusali
	Taong namatay	Taong nasugatan	
15,030 katao	14 katao	105 katao	9,940 gusali (250 sa mga ito ang pinasukan ng tubig hanggang sa ibabaw ng sahig)

Impormasyon sa evacuation at evacuation action

Ilalabas ng Kariya City ang impormasyon sa evacuation kapag tumitindi ang panganib ng pagkakaroon ng sakuna at ipinasiyang kailangang himukin ang mga mamamayan ng siyudad na gumawa ng evacuation action. Kapag inilabas ang alert level 4 na "Utos sa evacuation", dapat mag-evacuate ang lahat ng tao na nasa mapanganib na lugar.

Antas ng alerto	Impormasyon sa evacuation at iba pa	Evacuation action
5	Emerhensiyang pagtiyak sa kaligtasa (Ilalabas ng Kariya City)	• May panganib ng buhay. Tiyakin ang kaligtasan ninyo hangga' t maari.
Dapat lumikas ang lahat ng tao mula sa mapanganib na lugar bago sumapit sa alert level 4		
4	Utos sa evacuation (Ilalabas ng Kariya City)	• Ang lahat ng tao ay dapat mag-evacuate sa ligtas na lugar para sa evacuation.
3	Mag-eevacuate ang matatanda (Ilalabas ng Kariya City)	• Ang mga taong nangangailangan ng higit na panahon para sa evacuation at ang mga tumutulon sa kanila ay dapat mag-evacuate sa ligtas na lugar para sa evacuation. • Ang lahat ng tao ay dapat maghanda para puwedeng mag-evacuate kahit kailan.
2	Advisory sa storm surge, atbp. Advisory sa storm surge, atbp. (Ilalabas ng Japan Meteorological Agency)	• Tiyakin ninyo mismo kung ano ang evacuation action na kailangan gamit ang hazard map, atbp. bilang paghahanda para sa evacuation.
1	Early warning information (ang Japan Meteorological Agency ang mag-aanunso)	• Ihanda ang sarili sa paparating na sakuna.

*Hindi laging ilalabas ayon sa pagkakasunud-sunod ng alert level na 1~5 ang bawat impormasyon.

Disaster prevention weather information

Alert level 5 Katumbas na impormasyon

• Impormasyon sa pagbaha, atbp.

Alert level 4 Katumbas na impormasyon

• Espesyal na babala sa storm surge
• Babala sa storm surge, atbp.

Alert level 3 Katumbas na impormasyon

• Advisory sa storm surge na siguradong mapapalitan ng babala sa storm surge, atbp.

Ito ang impormasyon na maaaring alamin ng mga mamamayan upang kusang loob na gawin ang mga aksyon sa paglikas.

Kumuha ng impormasyon sa sakuna

Para tiyak na makuha ang impormasyon sa sakuna gaya ng impormasyon sa evacuation, mahalagang magkaroon ng 2 o 3 paraan nito. Para makapaghanda sa panahon ng sakuna, gamitin ang mga serbisyo ng impormasyon sa sakuna na inilalaan ng Kariya City.

Kariya City mail delivery service

[Impormasyong makukuha]

- Impormasyon sa evacuation • Babala at advisory
- Impormasyon sa earthquake

[Paraan ng pagrehistro]

- ① Ide-deliver sa mail address na nakarehistro ang impormasyon sa evacuation, impormasyon sa weather, at iba pang impormasyong may kaugnayan sa sakuna
- ② Magpadala ng email na walang message sa "t-kariya@sg-p.jp"
- ③ Mag-access sa URL na nasa email para sa aktuwal na pagpaparehistro na ipapadala sa inyo, at magparehistro



▲Website ng Kariya City

Kariya City Portal App "Aikari"

[Impormasyong makukuha]

- Impormasyon sa evacuation • Babala at advisory
- Impormasyon sa earthquake

Sa app na ito, makakatanggap kayo ng bagong balita sa real time sa pamamagitan ng patiuang pagpili ng mga uri ng impormasyon na gusto ninyo gaya ng sa sakuna at pagpapalaki ng mga anak.

Matatatanggap ninyo ang impormasyon sa sakuna na katulad ng mail delivery service.



▲Website ng Kariya City

Kariya City Disaster Prevention Radio

[Impormasyong makukuha]

- Impormasyon sa evacuation • Impormasyon sa earthquake

Sa radyong ito, makukuha ninyo ang impormasyong pang-emergency na ibroadcast ng Kariya City gaya ng utos sa evacuation at ang impormasyon na ibroadcast sa J-ALERT gaya ng emerhensiyang babala ng earthquake. Kung itatambay ito na nakasaksak sa outlet, ito ay magiging ON nang awtomatiko at lalabas sa pinakamalakas na volume ang emerhensiyang broadcast.



▲Website ng Kariya City